
MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA



LUPA

PUTIK, MAMASA-MASA, O BUHANGIN? ANO KA?

MULA SA PATNUGUTAN

PATNUGUTAN

Dareene Reigne C. Brazil
Punong Patnugot

Angela Bianca Y. Lee
Katuwang na Patnugot

Christian F. Dasalla
Nangangasiwang Patnugot

Lean C. Rosendo
Katuwang ng Nangangasiwang Patnugot

Katrina Mae D. Llorente
Ingat Yaman

Ella Joy B. Sarmiento
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Nathaniel Lyle E. Del Fierro
Maria Beatrice Misa
Charles Edmon S. Perez
Jack Lorenz A. Rivera
Katuwang ng Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Luis Miguel Changco
Patnugot ng Sining

Rio Reyes
Katuwang ng Patnugot ng Sining

Reine Christine S. Brioso
Patnugot ng Disenyo

Martina Salamero
Katuwang ng Patnugot ng Disenyo

Denise Regina Lao
Tagapamahala ng Proyekto

Sheris Casurao
Kim Umayam
Katuwang ng Tagapamahala ng Proyekto

Kuha ni Zanti Gayares

Marcial Rajah P. Fernando
Tagapamahala ng Social Media

Charles Ian D. Buhay
Lance B. Arevada
Dianne Marie R. Ramos
Katuwang ng Tagapamahala ng Social Media

Christian F. Dasalla
Tagapamahala ng Pandayan

Kyle Reyes
Katuwang ng Tagapamahala ng Pandayan

Bagwisan ng Sulatin at Saliksikan
Alfred Abueg, Lance Arevada, Miguel Basuel, Ian Buhay, Therese Catapang, Sheris Casurao, Romulus Cruz, Alliah Custodio, Phoebe De Leon, Anne Gambao, Jesscel Libiran, Nicole Madrilejo, Trish Manalang, Hurjay Medilo, Alen Molod, Lizzie Montemayor, Val Morden, Dana Palad, Dianne Ramos, AJ Raymundo, Kyle Reyes, Kim Umayam

Bagwisan ng Sining
Aldrin Nunag, Kathleen Pulongbarit, Lars Salamante, Martina Salamero, Rio Reyes

Bagwisan ng Disenyo
Zanti Gayares, Stephanie Isidro, Nicole Madrilejo, Christianneil Ocampo, Danica Parian, AJ Raymundo

Bagwisan ng Social Media
Elly Adlawan, Patrick Balais, Zysh Duncan, Katrina Llorente, Ains Pandapatan, Arjun Plomantes, Kat Serafica, Jennery Velasco,

Bagwisan ng Proyekto
Dave Arcedera, Jaz Gallos, Zen Magdamit, Katelyn Nable, Dana Palad, Thena Selano

Bagwisan ng Pandayan
Zo Esmeris, Alex Lazaro, Winsi Urmeneta, Maia Yulin

Sa kaibuturan ng agos ng buhay, matitiyak na mahalaga ang tungkulin ng lupa—hindi lamang sa pagyabong ng samo't saring halaman, kundi pati na rin sa muling pag-ikot ng buhay. Ang mga napawing hayop at halaman ay siyang nagiging pampataba sa lupa upang magbigay-buhay sa mga bagong halaman na kakainin ng mga hayop. Sa ganitong palagay, mahihinuhang sa lupa bumubunsod ang munting liwanag ng buhay at dito rin ito kumukupas. Ang lupa ang nagsisilbing puno't dulo ng siklo ng buhay—sino o ano man ang makalipas, babalik at babalik pa rin ito sa kaniyang pinanggalingan. At hindi maikakailang masasabi rin ito sa kalagayan ng mga tao sa mundo.

Bagaman magkakaiba ang karanasan ng mga tao habang sila ay nabubuhay, nagiging pantay ang lahat kapag nakabaon na sila sa lupa. Kapag nanumbalik ang tao sa lupa, lahat ng ari-arian o kung ano mang pribilehiyo ay nawawalan na ng bisa at bigat. Sa huling hantungan ng buhay, maituturing na pantay-pantay ang lahat. Ang patay ay patay. Ang natatanging makapangyarihan sa libingan ng mga tao ay ang lupa na siyang uubos sa bawat na munting retaso hanggang sa manumbalik ang tao sa lupa at umikot muli ang agos ng buhay.


Ngunit, bagaman pantay ang lahat ng tao sa kamatayan, makikitang nakabaon sila sa iba't ibang klase ng lupa—dala ito ng uri ng buhay na kanilang pinamunuan. Dahil sa paraan ng kanilang pamumuhay, nag-iba ang anyo ng kanilang huling himbingan. Kaya mahalagang balikan at unawain kung papaano nabuhay ang mga tao at saan nanggaling ang mapagmataas na paniniwala ng iilan. Sa ganitong paraan, mas maiintindihan natin ang lupa—mauunawaanan natin ang tao bilang tao, kapwa bilang kapwa, at lupa bilang lupa.

Tatlong uri ng lupa ang maaaring magbunga sa hantungan ng mga tao: putik, mamasa-masa, at buhangin. Sa nauna, nagiging malagkit na putik ang lupa dahil sa pagdanak ng dugo at luha ng mga tao. Dalawang dahilan ang pumapaloob dito—maaaring mapang-abuso ang nakalibing o sila ang naaagrabyado. Sa pangalawa, nagiging mamasa-masa ang lupa dahil sa luha at pawi. Maihahalintulad ito sa anyo ng lupa kung saan maaari kang magtanim ng halaman—mamasa-masa dahil sa pagdilig. Pumapailalaim sa ganitong klase ng lupa ang mga taong nagsumikap at nanatiling matatag sa kanilang buhay. Sa panghuli, nagiging buhangin ang lupa kapag nanumbalik na ang mga taong nakalimutan ng bayan. Tulad na lamang sa kung gaano kaliit at kabilis dumausdos ang buhangin sa ating kamay, ganoon din nakalilimutan ang kuwento ng ibang tao. Ang buhangin ang siyang munting pag-alala sa mga tinalikuran at pinabayaan.

Sa patuloy na pag-ikot ng buhay sa pamumuno ng lupa, halina't alalahanin ang mga buhay na pumapaloob dito. Matuto at mamulat tayo sa mga buhay na kanilang kinatawan.

MASK OFF:

Handa na ba ang Pilipinas?



Sulat ni **Ella Sarmiento, Patnugot ng Sulatin at Saliksikan**
Disenyo ni **Zanti Alfonzo Gayares**

Matapos ang halos dalawang taon ng lockdown, quarantine, at restricted mobility sa Pilipinas, kapansin-pansin na ngayon ang unti-unting panunumbalik ng lahat sa dati; lumalala na muli ang traffic sa Metro Manila, napupuno na muli ng mga tao ang mga pasyalan, at nagsisibalikan na sa eskwelahan ang mga mag-aaral para sa mga face-to-face na klase. Sa madaling salita, nasa yugto na tayo kung saan kinakailangan nang iangkop ang pamumuhay sa new normal. Subalit, dahil nariyan pa rin ang banta ng COVID virus, inaasahan pa rin ang lahat na sumunod sa basic health protocols at magsuot ng face mask kahit saan man pumunta. Bagaman para ito sa kaligtasang pangkalusugan, hindi maiwasang tanungin kung kailan na nga ba babalik sa normal ang lahat—walang face mask, walang quarantine, walang health protocols na kailangan sundin parati.

Kamakailan lamang, tila dininig ang hiling ng ilan ng pirmahan na ni Ferdinand Marcos Jr. ang Executive Order No.7. Nakasaad dito ang pagpapahintulot sa opsyonal na pagsuot ng face masks sa mga pampublikong lugar at maging sa mga indoor spaces. Binigyang-diin din nito na tanging sa mga pasilidad pangkalusugan, medical transport vehicles, at pampublikong transportasyon na lamang mahigpit na ipapatupad ang mandatoryong pagsuot ng face mask.

Gaya sa inaasahan, hati ang reaksyon ng masang Pilipino sa bagong panuntunang ito. May ilan na nasiyahan dahil, sa wakas, tapos na rin ang halos dalawang taong pagkakatali sa pagsusuot ng face mask na nagpapahirap-huminga buong araw. Mayroon ding ilan na puno pa rin ng pangamba sa kung ano ang maaaring mangyari kapag tuluyan nang niluwagan ang health protocols. Tanong nila, handa na nga ba talaga ang Pilipinas sa pagbabalik sa normal?

Para sa mga pabor sa inilabas na E.O. ni Marcos, ang pagtanggal ng mandatoryong pagsuot ng face mask sa bansa ay ang tamang aksyon kaya dapat lamang na ipinatupad na. Ito ay dahil sobrang tagal na rin magmula ng kinailangan ng lahat na magsuot ng face mask para sa sariling kaligtasan laban sa COVID virus. Ngunit ngayon, dahil hindi naman na tumataas ang kaso ng mga nagpopositibo sa COVID, tila nararapat na ring luwagan ang ilan sa mga health protocols na naglilimita sa galaw ng mga tao.

Gayundin, kapansin-pansin na rin namang marami na ang mga bansang hindi na istriktong pinasusuot ang kanilang mga mamamayan ng face mask—at kahit na ganito ay hindi na rin naman tumataas ang mga kaso ng COVID sa kanilang mga bansa. Karamihan sa mga bansang ito ay yung mga may health insurances at may maayos na sistema sa mga pasilidad na pangkalusugan, kaya naman panatag ang loob ng mga mamamayan na tuluyan ng gawing opsyonal ang paggamit ng face mask. Hinaing din ng iba ang masamang epekto ng hindi maayos na pagtapon ng mga ginamit ng face mask sa kalikasan. Ayon sa ilan, mas mabuti na ang ganitong konti na lamang ang gagamit ng mga face mask ng sa gayon ay mabawasan ang ibinabalik na basura sa kalikasan.

Sa kabila ng lahat ng mga dahilan at katuwirang ito, kung bakit tama ang naging desisyon ni Marcos na ipatupad ang E.O. No. 7, marami pa ring mga Pilipino ang nababalot ng pangamba at takot sa maaaring idulot nito sa hinaharap. Isa sa nakadadagdag ng pagkabahala ng marami ay ang dami pa rin ng bilang ng hindi pa vaccinated—maaaring dahil sa kawalan ng oportunidad o dahil sa personal na kagustuhan—at nakapagpa-booster. Dahil dito malaki ang posibilidad na mas madali at mabilis ang muling pagkalat ng virus sa mga pribado at pampublikong

lugar. Magiging delikado rin ito para sa may mga komorbididad at may iniindang sakit.

Isa rin sa dapat ikonsidera ay ang kaligtasang pangkalusugan ng mga mag-aaral lalo na't unti-unti na ring nagsisibalikan sa face-to-face na pamamaraan ang mga eskwelahan sa buong Pilipinas. Ang tanong ng mga nag-aalangan sa E.O. na ito; handa ba ang mga paaralan kung sakaling may estudyanteng magpositibo o makaramdam ng sintomas at kinakailangan ng agarang tulong o ma-quarantine? May sapat na paghahanda ba para rito? May nakahanda na rin bang plano kung sakaling rumami ang kaso ng mga positibong mag-aaral?

Nakakapangamba rin ang posibilidad ng pagkakaroon muli ng surge ng mga kaso ng COVID sa bansa. Kung sakaling mangyari ito, siguradong kawawang muli ang mga healthcare workers lalo pa't tila hindi pa rin nakaaahon ang mga ito, maging ang mga ospital sa buong bansa, sa pagdami ng kaso noong kasagsagan ng pandemya. Hindi pa rin napagtutuunan ng pansin ang pagpapabuti ng kalagayan ng sektor ng pangkalusugan sa bansa—wala pa ring sapat na pondo at pasahod upang matulungan ang mga healthcare professionals at maisaayos ang healthcare system ng bansa. Sa gayon, marapat na bigyan na ito ng agarang aksyon ng gobyerno para mas maging handa sa kung ano man ang dala ng walang kasiguraduhang kinabukasan.

Walang mali sa pag-aangkop ng pamumuhay sa new normal. Walang mali sa unti-unting paghangad at pag-aksyon upang manumbalik na sa dati ang lahat. Walang mali na gustuhin na ng marami ang ipagpatuloy ang buhay—at gawing isang alaala na lamang ang naranasan sa mapanghamon at nakatatakot na pandemya.

Sa tingin ko, ang kailangan upang tuluyang akuin ng marami ang pagbabago ay ang pagbibigay ng kasiguraduhan ng gobyerno na ang bukas ay pinaghandaan at pinagplanuhan na. Nararapat na bigyang katiyakan ng mga nasa posisyon na may maayos na ng sistemang pangkalusugan sa bansa—may maaayos na mga pasilidad at may sapat na kabayaran ang sakripisyong ginagawa nga mga healthcare workers. Hindi tama ang basta-basta na lamang pagpapatupad ng bagong alituntunin kahit hindi pa pinag-aaralan ang mga posibleng mangyari. Ito ang ugat ng pangamba ng ilang mga Pilipino kaya naman kung maaksyonan agad ito ng gobyerno siguradong wala ng magtatanong ng; Handa na ba ang Pilipinas?



Upang tuluyang akuin ng marami ang pagbabago ay ang pagbibigay ng kasiguraduhan ng gobyerno na ang bukas ay pinaghandaan at pinagplanuhan na.

HOKKAI-DAMING SULIRANIN!

Paano kaya tutugunan?

Sulat ni **Christian Dasalla, Nangangasiwang Patnugot at Patnugot ng Pandayan**
Disenyo ni **Zanti Alfonzo Gayares**



"Welcome to Hokkaido!" 'Yan ang naging tugon ng pinakamataas na opisyal ng bansa sa mga usap-usapang siya'y nasa ibang bansa habang nananalanta ang Severe Tropical Storm Paeng. 'Yan ang naging tugon ng pangulo sa kabila ng napakaraming namatay, nawawala, at nasirang pananim at hanapbuhay ng mga mamamayang Pilipino. Hindi sapat na sabihing nakakadismaya ang ganitong pagtugon sa gitna ng sakunang nakaaapekto sa buong bansa; nakakagimbal na makita ang pagkabigo ng mamamayang Pilipino nang binabalewala lamang ng mga nasa tuktok ng kapangyarihan ang paghihirap ng nakararami. Ngunit, kung tutuusin, hindi na kagulat-gulat o kataka-taka ang ganitong kawalan ng pagsimpatya at pagtugon ng mga otoridad sa kasalukuyan.

Sa mga nakaraang taon, ilang beses nang nag-viral sa social media ang hashtag na #NasaanAngPangulo bilang panawagan para sa pananagutan ng gobyerno, lalo na ang sa pandemya at mga malalakas na bagyo, at pagpuwersa sa mga awtoridad na tumugon. Ngayong taon pa nga lang, nagkaroon ng dalawang partikular na pagkakataong naging viral ito: una ang pagdating ng Bagyong Karding at ang kasabay na pagbisita ni Marcos Jr. sa Estados Unidos para sa UN, at ikalawa nga ang "Welcome to Hokkaido!". Klarong nakikita sa parehas nitong sitwasyon ang kabagalan ng pagtugon ng pangulo sa paglatag ng mga plano sa naganap na bagyo at pag-angat ng "state of calamity" sa mga lugar na pinaka-naapektuhan ng sakuna kung kinakailangan. Dahil dito, labis-labis na paghihirap ang nadarama ng mga Pilipino na maaari namang maiwasan kung sapat ang naging pagtugon ng pamahalaan at naihatid ito sa tamang oras ng pangangailangan.

Sa kakulangan ng tulong na natatanggap ng mga nasalanta, napipilitan na lamang maging resilient o magpakatatag ang mga Pilipino sa gitna ng mga naglalakihan at naglalakasang sakuna. Kapag maisip natin ang ideya ng disaster resilience, marahil ay naiisip natin ang mga indibiduwal na gumagamit ng kanilang mga naglalakihang kagamitan sa bahay upang suungin ang mga daang mala-swimming pool dahil sa baha, o 'di kaya ang iba pang lumalangoy kasama ang kanilang mga alagang hayop makarating lang sa ligtas na lugar. Sa katunayan, hindi natin maikakahon sa ganito lamang na mga sitwasyon o mabibigyan ng iisang mukha ang isinasakripisyo ng mga Pilipino upang mabuhay at iligtas ang kanilang mga sarili at mga pamilya sa gitna ng mga sakuna. Sa gayon, patuloy ang pamimihasa at pagkasanay ng mga Pilipino sa kawalang-aksyon ng mga may kapangyarihan.

Bagaman makakatwiranang nabibigyan nito ng alternatibang mga kakayahan ang mga Pilipino, patuloy pa rin nitong nailalagay sa alanganin ang kani-kanilang mga buhay na siyang dapat inuuna at isinasaprayoridad ng pamahalaan.

Gayunpaman, hindi natin maaaring sabihin na walang pagtugon ang gobyerno sa kabuuan. Malaki ang tungkulin ng mga local government unit (LGU) sa paghatid ng tulong sa mga lugar na nasalanta, lalo na ang mga malalayo at mahirap mapuntahan ng mga hindi tagaroon. May mga opisina at kaukulang badyat ang bawat siyudad at bayan para sa disaster risk reduction and management (DRRM), at patuloy din ang pakikipag-ugnayan ng mga organisasyong nakapokus sa humanitarian action tulad ng Philippine Red Cross, at iba pang civil society organization. Nakikita rin natin ang lumalaking papel ng mga kabataan sa pag-isip at pagsagawa ng mga inisyatiba gamit ang kanilang mga sariling paraan at kakayahan.

Ang problema: paano makatutugon ba

sa pinakamabisang paraan ang mga kagawarang nakatuon sa DRRM kung patuloy din ang pagbawas sa kanilang badyet? Paano mabibigyan ng konteksto ang mga tao sa lakas ng mga paparating na sakuna kung patuloy ang pagpapasara at pambabanta sa mga lehitimong institusyong pangmidya at pangsakuna? Paano makatutulong ang mga kabataan sa kani-kanilang mga paraan kung patuloy ang pag-redtag sa kanila at ang kanilang mga kaalyadong organisasyon? Paano nga ba tayo makababangon kung hindi makatotohanan ang pagsuporta ng pamahalaan sa DRRM at climate action?

Bagaman marami ang ating maaaring gawin at marami ring organisasyon ang maaaring tumulong makatulong upang masugpo ang mga naging epekto ng mga naglalakihang mga sakuna, nararapat pa rin nating alalahanin ang kahalagahan ng isang sentralisado at umuugnay na institusyon tulad ng ating pamahalaan. Sa bisa nito, ating maaabot ang bawat Pilipino, lalo na sa mga malalayong lugar o ang mga tinatawag na geographically isolated and disadvantaged areas (GIDA), sa aspekto ng humanitarian aid at assistance. Ngunit, hindi mabubuklod ang ating bansa laban sa sakuna kung hindi gagawa ng karampatang aksyon o pagtugon ang pamahalaan upang maiangat ang kalagayan ng mga Pilipino.

Sa nagdaang ika-8 ng Nobyembre, ginugunita natin ang ikasiyam na taon mula noong dumating sa bansa ang Bagyong Yolanda na humagupit sa ang Kanluran, Gitna at Silangang Kabisayaan. Siyam na taon mula noong kinitil ang buhay libo-libong Pilipino ng isang bagyong hindi inasahan ang maging kabuuang epekto, hindi pa rin nakikitaan ng kongkretong pagbabago ang pagtugonng pamahalaan sa mga sakuna. Sa huli, nararapat nating ipagpatuloy ang panawagan para panagutan ang kapabayaan ng pamahalaan at puwersahing bigyan ng tunay na prayoridad ang mga sakuna at pagbabago ng klima, kaalinsabay ng ating sari-sariling kontribusyon upang makibahagi sa pagtugon sa sakuna. Kung hindi? 'Wag na lang siguro nating alamin kung ang ating maaaring sapitin.

> ” Hindi mabubuklod ang ating bansa laban sa sakuna kung hindi gagawa ng karampatang aksyon o pagtugon ang pamahalaan upang maiangat ang kalagayan ng mga Pilipino.



Kuha ni Zanti Gayares
DIsenyo ni Nicole Madrilejo

TALAAN NG MGA NILALAMAN

01
Mula sa Patnugutan

02
Op-Ed

09
Drag Race PH: Pagsilip sa Ilalim ng Kolorete

15
Pagbabalik: Hindik at Pananabik

23
Dilig ng Luha: Pagsibol ng Bagong Serye ng Pagtindig

27
President Evil: Ang Pagbabalik ng mga Marcos


31
Pissed be With You: pagkainis at Pagkayamot sa Pakialamerong Simbahan

37
You Can't Sit With Us!: Pagsisiyasat sa Mapanghating Politika ng Pink Movement

Drag PHILIPPINE







Pagsilip sa Ilali





m ng Kolorete

Sulat ni: Romulus Jathniel DC Cruz
Disenyo ni: Christianneil Ocampo

Drag Race PH:

Pagsilip sa Ilalim ng Kolorete

Nakanood ka na ba ng mga lalaking nagbibihis babae sa gabi, sumasayaw, at nagtatanghal sa entablado habang may suot na magagara at makikinang na damit? Para silang artistang nagniningning sa harap ng ilaw ng bar na kanilang pinagtatrabahuhan. Pulido ang kolorete nila sa mukha—tila perpekto ang kanilang hubog at balat. Lagi silang nakangiti, nagpapatawa, at nagpapasaya. Sila ay mga drag queens, drag kings naman ang termino para sa mga babaeng nagbibihis lalaki, at malaki ang kanilang gampanin ngayon sa mainstream media bilang tagataguyod sa sining, kakayahan, kagandahan, karanasan, at karapatan ng LGBTQ+ community.


Katatapos lamang ng unang season ng Drag Race Philippines, kung saan tampok ang 12 drag queens mula sa iba't ibang siyudad ng bansa. Kada linggo, nakikipagkompetensya ang mga kalahok para patunayan at ipakita ang kanilang talento sa maraming larangan. Kabilang dito ang pagdidisenyo ng kanilang damit,



Sulat ni: Romulus Jathniel DC Cruz
Disenyo ni: Christianneil Ocampo

pagtatanghal bilang isang girl group, impersonation, improv, at iba pa. Sa kabuuan ng kompetisyon, natunghayan natin ang kanilang makukulay na pagkatao, ngunit isa rin itong oportunidad upang sisirin ang lalim at kahalagahan nitong kulturang ito para sa mga queer.

Masaya ang kompetisyon. Sa social media, linggo-linggong trending ang mga drag queen dahil sa mga reaksyon at komento ng mga manonood. Kitang kita roon ang mga pagpupuri sa kanila, ang mga kritisismong patungkol sa kanilang pagtatanghal sa binigay na hamon sa linggong iyon, at ang mga nakakatawang eksena na ginawang meme. Nag-uumapaw ang suporta sa mga kalahok kaya naman nag-uumapaw rin sila sa mga proyekto, palabas, at booking. Mayroon na ngang mga sikat na brand na nagpapadala sa kanila ng mga produkto upang itampok sa social media. Patunay lamang ito sa kahandaang sumuporta ng napakaraming tao, bahagi man o hindi ng LGBTQ+.





Liban sa natatanggap na pagpupuri ng mga kalahok, binubuklod din ng palabas ang mga miyembro ng LGBTQ+. Nagaganap ang mga watch parties tuwing palabas ng panibagong episode at untucked na siyang seryeng kaakibat ng pangunahing palabas. Nagiging pagkakataon ito upang ipagdiwang ang komunidad at bumuo ng panibagong pamilyang itinatag sa pagmamahal at pag-unawa.

Patungo sa pagtuklas ng katauhan sa likod ng kolorete, tinatalakay rin ng palabas ang mga isyung mahahalaga sa komunidad ng LGBTQ+ pati ang mga karanasang kumukulay sa kahulugan ng pagiging isang queer. Kabilang dito ang isyu ng pisikal na pang-aabuso na karaniwang nararanasan ng mga bading sa loob ng isang patriyarkal na lipunan. Sa isang madamdaming pagbabahagi, tinalakay ni Gigi Era ang kaniyang karanasan sa pambubugbog ng kaniyang ama. Nabuksan din sa Drag Race Philippines ang isyu ng diskriminasyon na madalas maranasan ng komunidad ng LGBTQ+, pati na rin ng SOGIE Bill na patuloy pa ring inilalaban sa lehislatibo.

Mahalagang napag-uusapan ang mga isyung ito sa loob ng isang palabas gaya ng Drag Race Philippines dahil kaakibat ng pagiging queer ang pagharap sa mga ito. Sa kasalukuyang klima, mahirap at tila imposibleng kumawala nang tuluyan sa mapagmalupit na tingin at trato ng lipunan ang mga queer. Sa katunayan, ang mga karanasang ito ang siyang bumubuo at humuhulma sa komunidad—dahil malalim ang pag-unawa ng bawat miyembro sa mga suliranin at paghihirap ng kanilang kapwa queer

Sa pagtaas ng palabas sa mga karanasang ito, napalalawak ang diskurso sa mga isyung politikal na tila likas sa pagkakakilanlan ng mga queer. Politikal ang pakikipaglaban para sa mga karapatan, ang pagpoprotesta para sa hustisya sa mga pinatay na queer, at ang pagsusulong ng kalayaang maihayag ang sarili.\

Maituturing na metapora ng LGBTQ+ ang mga drag queens. Habang masaya at nakangiti ang karaniwang pagtingin sa mga queer, gaya ng isteryotipikal na paningin sa kanila bilang mga taong nagpapatawa lamang, tandaang tao pa rin ang nasa ilalim ng kolorete. Bilang tao, nakakabit ang mga karanasang masasaya at mapapait, gaya na lamang ng pagkakaroon ng panibagong pamilya sa kabila ng diskriminasyon at pang-aabuso. Nandiyan din ang pagmamahal, talento, at pakikiramay.

Kung iisipin, magandang panimula ang drag race Philippines para sa pagkakaroon ng lipunang bukas sa mga queer. Bukod sa pakikipaglaban nito para sa representasyon, ipinapakita nito ang mga queer bilang mga kompleks na tao—may pangarap at nagmamahal gaya ng kahit na sino. Para sa mga manonood na queer, ibang klaseng tuwa rin ang makita ang sarili sa telebisyon nang hindi lang bilang isang komedyante. Kung mapalalawak ang palabas, siguradong mas maraming kabataan ang makakakuha ng inspirasyon upang maging totoo sa kanilang sarili.

Sa pagtingin sa hinaharap, kailangan pa rin ang patuloy na pagtatanong, kritisismo, at protesta. Bagaman mayroong panibagong entablado para sa mga drag queen, kailangan pa rin ang patuloy na pagpapalawak nito para sa iba pang identidad na kabilang sa LGBTQ+. Mahalaga ring tanungin kung ang pagpasok ng Drag Race Philippines sa pop culture ay siyang lubos na pagtanggap, o panibagong anyo lamang ng toleransya at paglilimita sa mga queer bilang imaheng nagbibigay-aliw sa mga manonood, at minsa'y kasangkapan upang mapalago ang industriya ng mga kapitalista. Sa bahagi naman ng kritisismo at protesta, iniimbitahan ng Matanglawin ang lahat upang lumaban at tumindig para sa pantay na karapatan at hustisya ng komunidad ng LGBTQ+.



Biyaheng Balik-Eskwela

Isang Pakikipagsapalaran sa Daang Maputik

SULAT NINA **FRANCELEN MOLOD AT ALFRED ABUEG**
DISENYO NI **ZANTI ALFONZO GAYARES**

Mula sa bundok ng Loyola, tanaw ng bata ang paparating na dyip kasabay ng mausok at maingay nitong tambutso. Dalawang taon din siyang nagtiis sa harap ng kompyuter dala ng naging banta ng COVID-19 virus—nakakulong sa silid habang binabagtas ang birtwal na sansinukob, pinagmamasdan ang pagdaan ng mga petsa sa kalendaryo, at umaasang muli niyang masusuot ang unipormeng pinaglipasan na ng panahon. Para sa milyon-milyong estudyanteng nayayamot tulad niya, isang liwanag sa dilim ang biyaheng balik-eskwela ngayong Nobyembre.

Subalit, paano kung ang mga mumunting paa ng bata ay patungo sa makapal at nambubulusok na putik? Sa kabila ng matagal na paghihintay sa pagdating ng araw na ito, nananatiling may pag-aalinlangan pa rin sa pagbabalik-eskwela. Palaisipan pa rin sa marami kung isinaalang-alang nga ba sa desisyong ito ang iniindang sakripisyo ng mga magulang at guro sa ngalan ng edukasyon.

Bago ang Lahat, kaligtasan ng mga bata

Sa pagsapit ng Nobyembre 2, inaasahaan ng Department of Education na maipatutupad na ang lingguhang face-to-face classes sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan sa bansa. Ngunit ang malaking tanong, ligtas na nga ba ang pagbabalik-eskwela ng mga bata?

Bago pa man magsimula ang face-to-face classes sa ilang paaralan noong Agosto, sinabi ng DepEd na pulido na ang mga paghahandang ginawa nila upang masiguro ang kaligtasan ng mga bata. "We will be strictly enforcing our minimum health and safety standards. Students need to wear face masks, alcohol, wash facilities — and as much as possible, meron tayong physical distancing," pagtitiyak sa publiko ni Michael Poa, spokesperson ng DepEd.

Gayumpaman, naitala sa buong bansa ang 3,939 kaso ng COVID-19 sa mga kabataang nasa edad 12-17 taong gulang simula nang magbukas ang mga paaralan sa face-to-face classes. Dagdag pa sa malaking banta sa kalusugan ang pagpirma ni Ferdinand Marcos Jr. sa Executive Order (EO) No. 7 na nagpapahintulot sa boluntaryong pagsusuot ng face mask sa loob o labas man ng tahanan. Ito ay ipinatupad sa kabila ng namumuong banta na dulot ng XBB Omicron subvariant at XBC variant ng COVID-19 na naitala kamakailan lamang ng Department of Health.

Bilang mga tanglaw sa daang maputik na kahaharapin ng mga estudyante, nananatiling puno ng pag-asa ang mga guro sa biyaheng balik-eskwela ngayong Nobyembre. Para kay Ma'am Jessa Miranda Vargas, isang guro sa Bagumbayan National High School, nasusunod ng kanilang paaralan ang mga hakbang upang maprotektahan ang kanilang mga estudyante laban sa COVID-19.

"Sa pagpasok pa lang ng mga estudyante sa gate ay mayroon na sila roong temperature check, handwashing area, alcohol, at talagang nakapila sila bago pumasok," sagot ni Ma'am Jessa sa pakikipagpanayam sa Matanglawin Ateneo. Limang taon nang nagtuturo sa hayskul si Ma'am Jessa at para sa kanya, mahalaga ang tungkulin na ginagampanan nila upang masiguro ang kaligtasan ng mga bata. "May mga staff din ang school na tumutulong upang mapatupad nang maayos ang mga patakaran at pagdating sa classroom, kaming mga teacher ang nagdadala sa mga bata sa isolation kung saan sila ipapasundo sa mga magulang" dagdag pa niya.




Upang mapigilan ang anumang uri ng diskriminasyon, pinahintulutan din sa pagbabalik-eskwela ang mga mag-aaral at kawani ng paaralan na hindi pa nakakapagpabakuna laban sa COVID-19. Kaya naman, isa sa mga layunin ng DepEd ang paigtingin ang kanilang vaccination drive at counseling sa tulong ng Department of Health (DOH).

Ngunit sa kabila ng kanilang mga paghahanda, may pangamba pa rin ang ilang mga guro dahil sa kakulangan ng mga kagamitan laban sa COVID-19. "Namomoroblema nga ang mga teachers. Wala ng alcohol. Ang thermometer na-stuck sa 36.1 kasi wala ng baterya. Burado na ang mga foot markers," pagbabahagi ni Vladimer Quetua, isang guro sa senior high school sa Quezon City.

Kung edukasyon ang susi, sino ba kasi ang nag-lock?

Matagal nang nahaharap sa learning crisis ang mga kabataang mag-aaral ng bansa. Ayon sa resulta ng Programme for International Student Assessment noong 2018, 72% ng mga estudyante sa Pilipinas, edad labinlimang taon, ay "low achievers" sa Reading, Math, at Science. Ang mas masaklap na balita, naitala rin ng Pilipinas ang pinakamababang iskor sa reading comprehension kompara sa 79 bansang nakilahok.



72% ng mga estudyante sa Pilipinas, edad labinlimang taon, ay "low achievers" sa Reading, Math, at Science

Programme for International Student Assessment (2018)

Noong dumating ang COVID-19, hindi lamang buhay at kasiyahan ang kinitil nito, kundi pati ang motibasyon ng mga estudyante na makatungtong sa entablado para sa kanilang inaasam na diploma. Ngayong pandemya, lumitaw sa harap ng mga magulang ang learning crisis na matagal nang nagkukubli sa likod ng mga pangako ng mga nagdaang administrasyon. Sa inilabas na resulta ng survey ng UNICEF noong Mayo 2021, karamihan (84%) sa mga magulang ang naniniwalang hindi gaanong natututo ang kanilang mga anak sa blended learning kompara sa tradisyonal na face-to-face classes. Ang itinuturong dahilan? Kawalan ng kinakailangang kagamitan at maayos na internet connection. Sa kaugnay na pagsisiyasat ng World Bank noong Marso 2021, natagpuang 90% ng mga Pilipinong estudyante, edad sampung taon, ang hirap magbasa at makaintindi ng mga simpleng katraga.

> ***"Matagal na tayong nakatirik sa ganitong makapal na putik. Minsan, umaabante at sumusulong. Ngunit maya-maya, muling uurong at mananatiling nakagapos. Hindi natin hawak ang manibela. Patuloy tayong pinapaikot-ikot ng tiwaling gobyerno at mga naghaharing-uri—silang nakikinabang sa mga isip na hindi natatanglawan ng karunungan. "***

Hindi rin inaasahan ni Ma'am Jessa na ang pinakahinihintay-hintay niyang panahon ng pagbabalik sa face-to-face classes ay mapapalitan ng nakabibinging katahimikan. Nakatayo na siya sa harap ng pisara, handang dinggin ang pananagutan para sa bayan, ngunit ang sumalubong sa kanya ay ang mga estudyanteng naninibago dahil sa pabigla-biglang desisyon upang baguhin ang set-up. "Dahil sa nasanay ang mga bata sa modular at blended learning sa loob ng dalawang taon, karamihan sa kanila kapag tinawag mo para mag-participate sa klase or kahit magbasa lang ng PPT, parang ayaw nila magsalita o kung meron man ay sobrang hina lang ng boses," pagsasaad ni Ma'am Jessa. Nag-aalala rin ang guro sa learning crisis dulot ng pandemya dahil karamihan sa kaniyang mga estudyante na nasa ikapitong baitang ay nakatuntong ng hayskul nang hindi marunong magbasa.

Matagal na tayong nakatirik sa ganitong makapal na putik. Minsan, umaabante at sumusulong. Ngunit maya-maya, muling uurong at mananatiling nakagapos. Hindi natin hawak ang manibela. Patuloy tayong pinapaikot-ikot ng tiwaling gobyerno at mga naghaharing-uri—silang nakikinabang sa mga isip na hindi natatanglawan ng karunungan. Ang maruming sistema ng edukasyon–na matagal nang pinagkikibit-balikat ng mga nasa itaas–ang nagsisilang sa panatisismo at bumubuhay sa pasismo.

Pagmimistulang sapat ng kulang-kulang

kinintal ng mapang-aping sistema sa ating isipan na walang saysay ang pagdaraing sa nararapat kung nagmimistulang sapat ang kulang-kulang. Hindi natin ugaling humingi dahil nasanay tayong tumanggap ng katiting. Ang mahalaga, buhay at patuloy na gumagapang.

Sa muling pagbubukas ng mga paaralan sa 28 milyong estudyante, sinalubong tayo ng mga kulang-kulang na silid-aralan at kagamitan. "Handa na tayo" ang naging pagbabalatkayo ng gobyerno sa kanilang kawalan ng matinong plano at pagsusuri. Ayon sa DepEd, higit kumulang 40,000 ang kulang na silid-aralan para sa taong panuruan 2022-2023. Halimbawa, sa Pasay City West High School, ginaganap sa indoor court ng kanilang paaralan ang klase ng mga estudyante sa ikasiyam at ikasampung baitang, na binubuo ng apat na section. Ginagamit din ang kanilang audio-visual room bilang karagdagang silid-aralan. Sa unang araw ng face-to-face classes ng Jose Abad Santos High School naman sa lungsod ng Manila, sa sahig na lamang umuupo ang mga estudyante dulot ng kakulangan sa mga upuan.

> *kinintal ng mapang-aping sistema sa ating isipan na walang saysay ang pagdaraing sa nararapat kung nagmimistulang sapat ang kulang-kulang. Hindi natin ugaling humingi dahil nasanay tayong tumanggap ng katiting. Ang mahalaga, buhay at patuloy na gumagapang.*

Pagkikibit-balikat lamang ang naging sagot ng DepEd sa mga estudyanteng nagtitiis sa katiting. "We cannot make the lack of educational infrastructure or the inadequate number of classrooms in certain provinces another excuse to keep our children from schools," pagdiriin ni Sara Duterte, kasalukuyang kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon.



28 milyong

mag-aaral para sa panuruang taong 2022 - 2023

Ayon sa Philippine Information Agency



40, 000

kulang na silid-aralan para sa taong panuruan 2022-2023

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon

Bagamat mahal ang pagmamahal

Para sa mga gustong makapagtapos ng pag-aaral, walang pangarap ang hindi kayang abutin. Gaano man kalubak ang daan, lagi tayong sumasandig sa nag-aalab na kagustuhang makamit ang inaasam na diploma. Subalit, paano na lamang kung kasabay ng umiigting nating pagmamahal sa pag-aaral ay ang patuloy ring pagmahal ng presyo upang maisakatuparan ito?

Batay sa tala ng Philippine Statistics Authority, tumaas sa 6.9% ang inflation rate ng Pilipinas nitong Setyembre, mula sa 6.3% noong Agosto ngayong taon. Sa katunayan, ito ang pinakamataas na inflation rate ng bansa na naitala mula Oktubre 2018. Naaapektuhan ng malaking problemang ito hindi lamang ang ekonomiya, kundi pati na rin ang sektor ng edukasyon.

"Sobrang mahal na ng mga bilihin ngayon. Ayoko namang magutom sa school si Buboy, pero minsan kailangan talagang tipirin kasi mahirap ang buhay," malungkot na sabi ni Leonora Camacho, ina ng isang estudyante sa San Vicente Elementary School sa Catanduanes. Kahit na libre ang pag-aaral sa mga pampublikong eskwelahan, hindi pa rin maisasawalang-bahala ang gastusin sa pagbili ng mga pangangailangan ng kanyang anak, gaya na lamang ng uniporme, pagkain, school supplies, at iba pa.

Ayon pa kay Gng. Camacho, pinaglalaanan din niya ng budget ang transportasyon ng kaniyang anak patungo sa eskwelahan. Ngunit, sa kasamaang-palad, dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis at petrolyo, pasan ni





6.9% Setyembre
6.3% Agosto
Inflation rate ng Pilipinas
Ayon sa Philippine Statistics Authority



Php 19,620
Gross Monthly Income ng mga guro.



Hindi bababa sa
Php 4,000
na lamang ang maiuuwi nila sa kanilang mga pamilya kung ibabawas ang mga mandatory deducation
Ayon sa ACT Teachers Partylist

Gng. Camacho at iba pang mga magulang ang patuloy na pagtaas ng pamasahe ng kanilang mga anak.

Dahil dito, nag-iisip na lamang si Gng. Camacho ng mga alternatibong paraan upang mabawasan ang gastos sa pang-araw-araw. "Ginagawa ko ang lahat para makaipon at makatipid palagi. Sa totoo lang, pinag-iipunan ko ang bike ng anak ko para hindi na gumastos pa sa pamasahe kapag papasok ng eskwela. Sana... sana dumating din ang araw na makakaluwag-luwag din kami."

Isa rin sa mga naaapektuhan ang mobile teachers sa Oriental Mindoro na kinakailangang bumiyahe nang malayo sa habal-habal upang marating ang lugar ng kani-kanilang mga estudyante. Ayon sa ulat ng Philstar, dahil sa malaking gastusin sa transportasyon, pinipili na lamang kanselahin ng mga guro sa Alternative Learning System (ALS) ang kanilang face-to-face classes sa mga liblib na lugar. Gayumpaman, naroon pa rin ang kanilang pangamba na hindi lubos matututo ang kanilang mga estudyante sa pamamagitan lamang ng modules.

Dulot ng kawalan ng matinong plano ng gobyerno para sa ekonomiya, nalalagay sa alaganin ang kakarampot na kita ng mga magulang at guro. Sa halip na makapag-ipon at mahati ang pera sa mga susunod na araw, lalo silang naiipit sa kahirapan buhat ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Sa isang mapang-aping sistema, nakalulusot sa butas ng karayom ang mga salarin tulad ni Ferdinand Marcos Jr. at kanyang mga alipores. Sa isang mapang-aping sistema, naililipat ang pasanin sa mga ordinaryong mamamayan na binubulungan ng berdugo: *kailangan niyong maging matatag at makisabay sa agos dahil ganito na ang panahon ngayon at walang magagawa ang gobyerno.*

Gawin man ang lahat, sahod ay hindi sasapat

Sa gitna ng patuloy na pagsisitaasan ng presyo ng mga bilihin ay ang hindi makatarungang kakulangan sa sweldo ng mga empleyado sa pampublikong paaralan, gaya na lamang ng mga guro. Isa rito si Gng. Vargas at para sa kaniya, hindi kailanman naging sapat ang kanilang sweldo upang matumbasan ang lahat ng sakripisyo at pagod na kanilang inilalaan sa trabaho, lalo na ngayong face-to-face na ang klase sa *new normal.*

> ***Dulot ng kawalan ng matinong plano ng gobyerno para sa ekonomiya, nalalagay sa alaganin ang kakarampot na kita ng mga magulang at guro. Sa halip na makapag-ipon at mahati ang pera sa mga susunod na araw, lalo silang naiipit sa kahirapan buhat ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.***

Aniya, "Ang sahod ng kaguruan sa aming paaralan ay dumarating sa tamang iskedyul, ngunit masasabi kong hindi sapat ang compensation na ibinibigay ng gobyerno sa amin sapagkat napakaraming kailangan sa loob ng paaralan katulad ng mga bondpaper, ink, printer, projector, at flat screen TV na mga pangunahing kailangan para sa mas epektibong pagtuturo. Pero, dahil sa kulang na suporta ng gobyerno, napipilitan kaming bumili ng mga ito gamit ang pera mula sa sarili naming bulsa."

Noong ika-5 ng Oktubre 2022, kung kailan ipinagdiwang ang World Teachers Day, ibinahagi ni Rep. France Castro ng ACT Teachers Partylist sa isang panayam ang mababang sahod ng mga guro. Ayon sa kaniya, Php 19,620 ang gross monthly income nila at kung ibabawas ang mga mandatory deduction gaya ng GSIS, Pag-ibig, Philhealth, at iba pang mga utang ay hindi bababa sa Php 4,000 na lamang ang maiuuwi nila sa kanilang mga pamilya.

Tumpok-tumpok at walang patid ang mga gawain ng mga guro upang matugunan ang tawag ng edukasyon ngayong magbabalik na ang face-to-face classes. Kuwento ni Gng. Vargas, “Mas naging detalyado at mabusisi ang paraan ng pagtuturo lalo pa't ang karamihan sa aking mag-aaral ay mabilis makalimot sa mga aralin kahit kakasabi o kakaturo pa lamang. Nagbibigay (ako) ng mga gawain na makakatulong para mas mahasa ang kanilang isip. Sinisigurado ko na bawat bata ay makagagawa ng repleksyon at masasagutan ang Exit Card pakatapos ng bawat aralin para aking malaman kung ano pa ang kanilang ‘di masyadong naintindihan nang sa gayon, mabigyan ko sila ng karagdagang gawain na maaari nilang gawin sa kanilang tahanan para sa continuation of learning.”

Bukod pa riyan, mayroon ding mga shifting schedule ang kanilang pagtuturo kung saan hinahati ang kanilang mga estudyante upang malimitahan ang dami ng pumapasok sa paaralan alinsunod sa kasalukuyang health protocols.

Babangon muli o bangungot muli?

Noong Halalan 2022, paulit-ulit nating narinig sa anak ng diktador ang mga katagang “babangon muli” o “bangon bayan muli.” Ngayong siya'y nakaupo na sa pinakamataas na pwesto ng bansa, lalo lamang lumubog sa putik ang ating mga paa—nalulugmok sa kabi-kabilang peligro ang sektor ng edukasyon at nagsusumamo tayo para sa katiting na atensyon.

Ipinangako ng kasalukuyang kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, Sara Duterte, na aayusin niya ang sistema ng edukasyon sa bansa kung pagkakalooban ang kanyang kagawaran ng isang daang bilyong piso bilang karagdagang pondo.

Sa naganap na House Budget deliberations noong Setyembre ngayong taon, sinabi ni S.Duterte na, “We talked to the President and told him that, ‘if you give me 100 billion, I will solve all the problems of basic education.’ And that is what I want to reiterate as well, to Congress and the House of Representatives, if you give me, give us, the people here sitting in front of you, P100 billion, we will be able to solve the problem in six years.” Mabilis na winakasan ang nasabing pagpupulong nang walang anumang pagtutol.

Matatandaang ganito rin ang ginawa ng kaniyang ama na si Rodrigo Duterte noong nagsisimula pa lamang ang termino nito bilang presidente. Nangako siyang tutuldukan niya ang problema ng bansa sa ilegal na droga, krimen, at korapsyon sa loob lamang ng tatlo hanggang anim na buwan ng kaniyang panunungkulan. Syempre, isa lamang ito sa napakaraming pangakong napako noong nakaraang administrasyon. Wala naman sa mga iyon ang tuluyang naresolba at sa halip ay nagdulot lamang ito ng extrajudicial killings, kawalan ng hustisya sa pagkamatay ng maraming mamamahayag, pagkalubog ng bansa sa utang, at marami pang mga peligrong hindi na bago sa ating paningin ngayon.

Gaya ng mga pangakong napako ng kanyang tatay, wala ring kasiguraduhan kung maisasakatapuran ni Sara Duterte ang mabulaklak niyang mga salita o magiging bato lamang ang pera ng bayan.

Bukod pa riyan, isa ring palaisipan kung paano maisusulong ni Ferdinand Marcos Jr., na siyang hindi nakapagtapos ng pag-aaral, ang edukasyong mapagpabago at mapagpalaya. Sa kaniyang unang State of the Nation Address, inilatag ni Marcos Jr. ang kaniyang plano sa sistema ng edukasyon ng bansa,

> ”
>
> ***Ano’t anoman, wala tayong aasahan sa isang pasista at anak ng diktador na nagsimula sa pamamagitan ng malawakang panlilinlang sa masa at paghuhuthot sa kaban ng bayan.***

kung saan binigyang-diin niya ang paggamit ng Ingles sa pagtuturo upang mahasa ang kakayahan ng mga estudyante at madali silang makahanap ng trabaho sa ibang bansa. Maraming sumalungat sa pahayag na ito ng presidente, lalo na iyong mga nagtataguyod ng Mother Tongue-Based-Multilingual Education (MTB-MLE) sa K-12 Program sa bansa.

Maraming katanungan ang nangingibabaw at marami rin ang naghahanap ng kasagutan hinggil sa plano ni Marcos Jr. para sa sektor ng edukasyon, lalo na ngayong magbabalik na sa face-to-face classes ang lahat ng mga paaralan. Ano’t anoman, wala tayong aasahan sa isang pasista at anak ng diktador na nagsimula sa pamamagitan ng malawakang panlilinlang sa masa at paghuhuthot sa kaban ng bayan. Sa ngayon, nararapat nating bigyan ng taimtim na pasasalamat ang pawis at luha ng libo-libong mga guro, magulang, at estudyante na siyang nagdilig sa lupaing kinatatayuan natin. Mula sa binhi ng karunungan sisibol ang mga bagong henerasyong magsusulong ng kasaysayan at katotohanan. Hindi pa tapos ang ating laban upang makamit ang ganap na kasarinlan ng ating Bayang Sinilangan. Nagsisimula pa lamang tayo sa isang maputik na pakikipagsapalaran upang makamit ang edukasyong mapagbago at mapagpalaya.




Kuha ni Zanti Gayares

Dilig ng Luha

PAGSIBOL NG BAGONG SERYE NG PAGTINDIG

SULAT NINA MA. ANNE JADE R. GAMBOA AT LIZZIE ANNIKA MONTEMAYOR
DISENYO NI STEPHANIE MARIE T. ISIDRO

> "Sa tingin ko 'yong mga programa ng iba't ibang administrasyon, walang kaibahan. Pareho na rin. Kaya 'yong kasabihang guminhawa, ang naging maginhawa lang, kung ang initiative mismo na ginagamit, [galing sa] mga farmer.
>
> -Aproniano D. Comiling

Tulad ng halamang sagana sa dilig, silang babad sa pawis at luha ay matatag na titindig, kusang malalanta ang takot, at malagong sisibol ang tapang sa pagharap sa mapanirang mga bagyo at sakuna. Isa na rito si Aproniano "Roni" D. Comiling mula sa Tandag City, Surigao del Sur. Isa siya sa mga miyembro ng Group of Advocates for Sustainable Agriculture at board member ng MASIPAG, isang Non-governmental Organization na binubuo ng mga magsasaka at siyentipiko para sa pagsulong ng kalidad na buhay ng mga magsasaka gamit ang sustainable agriculture. Hilam man ang mata ng pawis mula sa higit apatnapung taong pagsasaka, malinaw pa rin ang pangarap at hangarin niya—dekalidad na buhay para sa mga katulad niyang magsasaka.

Tuwing nababanggit ang pagsasaka, may partikular na imaheng nabubuo sa ating mga isipan. Malawak na luntiang lupain at baka may sumulpot pang kalabaw na may dalang araro. Napakatradisyonal na larawan, marahil sa tuwing iniisip natin ang palayan, talagang napakanatural ng mga produkto at pamamaraan. Organiko—yan marahil ang tumatakbo sa ating isipan. Lingid sa kaalaman ng nakararami, hindi organiko o organic farming ang laganap na pamamaraan ng pagsasaka. Conventional farming ang ginamit na termino ni Tatay Roni upang ilarawan ang uri ng pagsasaka na gamit ng mga magsasaka sa kasalukuyan. Sa conventional farming, chemical inputs ang gamit, tulad na lamang ng chemical fertilizers at pesticides. Ayon kay Tatay Roni na nagmula sa pamilya ng mga magsasaka, mas mabuti ang kalagayan ng mga magsasaka noong hindi pa naipapakilala ang conventional farming sa ating bansa. Kaya naman, inaalay niya ang kaniyang araw-araw upang makahikayat ng mga magsasaka na iwanan na ang nakasanayang conventional farming. Tinuturo ng organisasyon ni Tatay Roni sa mga kapwa magsasaka ang sistema ng sustainable agriculture.

Ayon sa kaniya, sustainable farming ang maaaring sagot sa problema ng ating bansa pagdating sa seguridad sa pagkain. Sa pamamagitan ng sustainable farming, hindi na magkukulang ang supply ng mga produkto na kinakailangan ng masang Pilipino. Maging ang mga magsasaka ay maaaring kumuha ng kanilang ilalagay sa hapag mula sa kanilang sariling mga ani. Isa sa mga sistema ng sustainable farming ay ang Diversified Integrated Farming System. Inihalintulad ito ni Tatay Roni sa mga sinaunang bahay kubo na naglalaman ng kahit anong pagkaing nanaisin ng mga magsasaka. Kumbaga, ibabalik lamang nito ang sinaunang sistema ng pagsasaka na nahinto dahil sa pagdating ng conventional farming system na siyang nagtulak sa mga magsasaka na magsagawa ng monocropping, kung saan iisang halaman ang kanilang tinatanim. Maliban pa rito, naging malaking salot para sa kalusugan ng mga magsasaka at maging ng kanilang lupain ang paggamit ng chemical inputs,

"KUNG HINDI AKO BUMITAW NG CHEMICAL FARMING, SA NGAYON WALA NA KO. KASI YUNG KATAWAN KO, SA TINGIN KO PARANG KONTAMINADO NA NG CHEMICALS."

Inilarawan din ni Tatay Roni ang tila walang katapusan at mapagpahirap na siklo ng conventional farming. Binigay niyang halimbawa ang paggamit ng chemical fertilizers. Kung ang isang sako ng chemical fertilizers ay sakto para mapataba ang isang ektarya ng lupa, paglipas ng tatlo hanggang limang taon, hindi na maaaring isang sako lamang ang ilalagay na abono rito. Paglipas ng mga taon, kailangang bumili ng mas maraming chemical fertilizers ang mga magsasaka. Dagdag pa niya, patuloy ang pagtaas ng presyo ng abono. Kung kaya't dahil mas mahal at mas marami ang kakailanganin, palaki lamang nang palaki ang production cost na kakailanganing ilaan ng mga magsasaka.

Madalas pa'y ang kanilang pambili ng chemical inputs ay inuutang kaya napakaliit ng nagiging kita nila,

"Kahit na nga yung labor inputs, nagbabayad ng labor yung mga farmers. Minsan nga, nag-utang 'yong mga farmers, nag-utang sila ng kapital para don sa production cost nila. Lumalaki ang kita ng mga may-ari ng lupa."

Nakalulungkot isipin na ang mga magsasakang naghihirap sa bukid ang mas nababaon pa sa utang, idagdag kung ang mga panginoong may lupa ay dadagdagan pa ng porsyento ang utang na ito. Tila ba wala nang parte pa ang mga magsasaka. Idagdag pa kung may mga local traders na bibilhin ang kanilang ani sa mas mababang presyo.

Kung susumahin ang mga kaalamang ibinahagi ni Tatay Roni, masasabing ang conventional farming ay tila kabaligtaran ng sustainable farming. Kung ang sistema ng pagsasaka na ninanais makamit ni Tatay Roni para sa maraming magsasaka ay kayang panatilihin ng matagal na panahon nang hindi nahihirapan ang mga magsasaka, ang conventional farming naman ay nagtutulak sa mga magsasaka na umasa sa isang sistema na lalong magpapahirap sa kanila habang tumatagal ang panahon.

Hindi pa rito nagtatapos ang kalbaryong kinahaharap ng mga magsasaka. Nang tanungin si Tatay Roni ukol sa mga programa ng gobyerno, mula pa noong mga nakaraang administrasyon hanggang sa ngayon, hindi niya maiwasang mapangiti o mapatawa na lamang. Hindi naman daw nagbabago ang programa ng bawat administrasyon at ang kaunting kaginhawaang nakakamit ng mga magsasaka ay mula lang din sa sarili nilang mga inisyatibo.



Binanggit niya rin na wala siyang nararamdamang bagong proyektong dala ng kasalukuyang adminsitrasyon, ipinapagpatuloy lamang daw ang polisiya ng nakaraang administrasyon. Isa na nga rito ang implementasyon ng Rice Liberalization Law na tinutuligsa ng mga grupong katulad na kinabibilangan ni Tatay Roni na siya ngang dumalo sa 4th National Peoples Rice Congress. Ikinumpara niya ang kalagayan ng impormasyon bago maisakatuparan ang batas at ngayong nasa bisa na ito. Ayon sa kaniya, dati ay may mga restriksyon sa bilang ng dami ng produkto na mula sa importasyon. Ngayon, kakaunti na lamang ang mga restriksyon. Ang epektibo na ay ang Rice Tariffication Law na siyang bumubura sa limit ng dami ng mga pumapasok na produkto mula sa ibang bansa at sa halip ay nagpapataw na lamang ng tariff sa mga ito. Ang mga tariff ay iniaabot bilang subsidiya sa mga magsasaka, ngunit ayon kay Tatay Roni, dumadagdag lamang ito sa dependency or pag-asa ng mga magsasaka sa programa ng gobyerno na nagtutulak ng conventional farming. Ang pagpapaluwag sa importasyon ay nagdudulot sa pagkalugmok ng mga magsasaka. Dahil sa importasyon, bumaba ang farm gate prices o ang presyo ng mga binebentang produkto mula sa saka at nasa P13 hanggang P16 per kilo na lamang ito ngayon. At kahit napakalaki ng pagtaas sa lokal na produksiyon ng bigas, patuloy pa rin ang pagsuporta ng administrasyon sa importasyon nito. Ayon sa Tagapagsalita ng Bantay Bigas na si Cathy Estavillo, nawalan ng halagang P206 bilyong piso ang mga magsasakang Pilipino simula taong 2019 hanggang 2021.

Kasabay ng patuloy na pagbaba ng kita ng mga magsasaka ay ang patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin dulot ng *inflation*. Madalas na inuutang ng mga magsasaka ang kanilang chemical inputs kung kaya't ang maliit na kita nila na napababa na dahil sa importasyon ay lalo pang mababawasan. At dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin, nasambit na lamang ni Tatay Roni na paano na lang ang mga pangunahing pangangailangan ng magsasaka? Sa kanilang lagay ngayon, mapapaisip na lamang tayo kung kakayanin pa nga ba nilang matustusan ang kanilang pang araw-araw na pamumuhay sa lagay ng mga polisiya at programang pang-agrikultura ngayon.

Tila nga ba nakaugat na ang mga paa ng mga magsasaka sa conventional farming. Isang malaking dahilan nito ay ang implementasyon ng programa ng gobyerno. Sa panayam kay Tatay Roni, malinaw niyang sinabi na isa nga ito sa mga nagpapabigat sa kanila,

"Kaya nga nahihirapan yung [mga] magsasaka na bumitaw [sa] conventional farming papunta roon sa organic farming [ay dahil] mayroon [itong] malakas na support...ng gobyerno lalo na sa usapang conventional farming. Maraming suporta katulad ng binhi ng palay, libreng pamimigay ng binhi, synthetic fertilizer."

Sa Unang Tingin maiisip na ang libreng pamimigay ng mga binhi at fertilizer ay lubhang nakatutulong, subalit kung susuriin ang mga pinsalang naidudulot ng paggamit ng kemikal sa lupang taniman, kita, at kalusugan ng mga magsasaka, mahihinuhang malayo ito sa salitang "tulong."

Mabuti na ring suriin ang mga programa ng gobyerno. Matatandaang mayroon nang tinatawag na Organic Agriculture Act of 2010 (Republic Act No. 10068) na inamendahan noong 2020. Kahit pa mayroon nang batas na nagsusulong sa organic agriculture, tila ba ang kilos sa implementasyon nito ay kasalungat ng obhetibo nito, *"Kahit na merong law ng Organic Act,...ineekis pa rin yung mga organic adaptor, mga farmers, lalo na roon sa mga usapang organic products certification. Malaking pera 'yong tinatawag na organic certification,"* saad ni Tatay Roni. Maraming tanikala ang pumipigil sa mga magsasaka upang magtungo sa organic farming, bukod sa patuloy nilang pagdepende sa subsidiya ng gobyerno sa mga binhi at fertilizer, malaking bahagi rin ang mga kakailanganing dokumento na siyang magpapadagdag pa sa gastusin nila.

Buhat sa ilang taong karanasan ni Tatay Roni bilang magsasaka, nagbigay siya ng ilang mga punto kung ano-ano pa ang kayang gawin ng gobyerno nang sa gayon ay makabuo ng mga polisiya na nakaayon at tiyak na tutugon sa mga pangangailangan ng bawat magsasaka, *"'Yong implementation ng local government, na dapat 'yong mga LGU sana, magbuo rin sila ng mga agricultural development plan. Ano 'yong agricultural development plan na talagang makakatulong dun sa mga maliliit na tao?"* Sa pahayag na ito, makikitang dapat kumilos din ang mga nasa ibaba, buhat sa katotohanang sila ang mas malapit at mas nakaaalam sa kalagayan ng magsasaka. Sa paraang ito, mas makabubuo ng mas ispesipikong hakbangin para sa ikauunlad ng mga magsasaka sa lugar na iyon. Kaugnay rin ito sa pahayag niya na ang pagpaplano ay nagmumula sa taas nang hindi mariing kinonsulta ang mga magsasaka sa ibaba, mainam nga na magsimula ito sa mababa papunta sa nasyonal na lebel upang konkretong maaksyunan ang mga partikular na hamon sa magsasaka.

Tulad ng mga halamang sagana sa dilig, tiyak kong mas lalago pa ang boses ng magsasaka kung didiligan pa natin ito ng sama-samang panawagan para sa kanilang mga ipinaglalaban.

Ang pakikibaka ni Tatay Roni ay hindi lamang para sa pag-unlad nila bilang magsasaka—pag-unlad din ito para sa kalikasan at pag-unlad sa kritikal na pangingialam sa mga hinaing ng mga nangangailangan

Nadiligan man ng luha ang lupang sakahan ng mga magsasaka, hayaang sumibol dito ang bagong serye ng pagtindig—serye na hindi lamang magsasaka ang tampok, kundi lahat tayo.



sa ulo ng mga balita

Hindi na namamahinga ang mga patay sa Pilipinas. Muli silang bumabangon mula sa kanilang pagkahimlay at ginagambala ang buong madla. Nakarating na ang zombie apocalypse sa kapuluan, kasabay ang pandaigdigang pagtaas ng kaso ng awtoritaryanismo at represyon mula Washington, tungo sa Italya, hanggang sa Myanmar. Ang araw ng kanilang pagbabalik sa inang bayan: ika-30 ng Hunyo, 2022 noong nanumpa si Ferdinand Marcos Jr. bilang pangulo ng bansa.

Ang tunay na patient zero ng outbreak na ito ay ang angkang Marcos. Kasabwat nila ang kanilang makinaryang primaryang vector na hinahawaan ang bawat sulok ng lipunang Pilipino. Sila ang Axis of Evil kung tawagin. Katuwang ng isang Marcos ang isang Duterte, na nais ituloy ang kamay na bakal ng kaniyang tatay, na pinipilit isiksik ang militarismo sa mga pamantasan at paaralan.

Bumagsak na rin ang Batasan, na pinupugaran na ngayon ng mga trapo at dinastiyang nagpahawa sa sakit ng pasismo para manatili sa pwesto. Nanunumbalik na rin ang multo ng luho, kalabisan, at kasakiman na mamamataan sa mga salu-salong ang imbitado lang ay ang mga alipores ng Pangulo sa Malacañang, Singapore, at New York. Umaalingangaw at dumadagundong pa rin ang paghiyaw ng Inang Marcos:

imeldific!

imeldific!

unang sintomas

Hindi simple ang naging kasaysayan para makarating ang Pilipinas sa puntong ito. Marami ang nakapagtanto ng matagal nang pagiging lantad ng mga sintomas at pagkilos ng sakit na ito. Mula pa noong napalayas ang mga Marcos papuntang Hawaii, patago na silang nagpapalakas gamit ang kanilang mga koneksiyong politikal at kultural. Nang lumaon, kasabay ng pagkaluklok muli kina Ferninand Jr. at Imee sa puwesto, tumindi rin ang pag-imbento sa "alternatibong naratibo" (o sa madaling salita, kasinungalingan) upang mapabango ang pangalang Marcos. Isa sa naging matunog noon ay ang pagtangkang "pagrebrand" ni Ferdinand Marcos Jr. aat ng dinastiyang kinabibilangan niya, sa tulong ng Cambridge Analytica, noong halalan 2016. Tunay na naging malaki ang dulot ng kanilang pagsasanib-puwersa para saliksikin, maniobrahin, at baguhin ang mentalidad ng mga netizen na naaangkop sa interes ng mga Marcos at ng kanilang mga kaalyado. Sa ganitong paraan, kahit matagal nang mayroong pagkilos ang mga puwersang tinutulak ang historical revisionism at



Habang malaki ang ambag ng social media sa pagbuo at pagpapanatili ng kuwento-kuwentong maka-Marcos, hindi rin maipagkakaila ang unti-unting pagtawid ng naratibong ito mula sa echo chamber ng mga website tulad ng Facebook at Twitter, tungo sa himpilan ng dyaryo, radyo, at telebisyon. Isa na sa pinakatanyag na halimbawa nito ay ang Sonshine Media News International o SMNI na pagmamay-ari ng dabaweanyong pastor na si Apollo Quiboloy. Noong halalang 2022, dahil sa pag-endorso ni Quiboloy sa kampanya ni Marcos Jr. at ni Sara Duterte, naging lantad noong panahong iyon ang pagiging bias ng himpilan para sa dalawang kandidato at sa platapormang kanilang isinusulong. Naging lungga rin ito ng mga personalidad na hayag ang pag-atake sa mga miyembro ng oposisyon sa pamamagitan ng red-tagging. Ilan sa mga personalidad na ito ay sina "dating gerilya" Jeffrey Celiz at dating NTF-ELCAC spokesperson na si Lorraine Badoy Partosa.

Dahil sa pagiging abot-kamay ng dalawang uri ng media na ito sa karaniwang Pilipino, at sa tindi ng paglaan ng pera at panahon ng makinaryang Marcos, mabilis na lumawak ang sakop ng mga Pilipinong naabot ng kanilang nais na magharing naratibo. Ngunit iba pa rin ang paglawak sa pagtanggap. Kaya ang tanong ngayon: ano ang nangyari? Bakit nagawang piliin ng bansang pinatalsik ang diktadura na ihalal muli ang anak ng may pakana nito

ang mas malalim na sakit

Ang malabnaw na pamamalakad ng mga humalili sa rehimeng Marcos ay kakikitaan ng mga puwang—mga pagkukulang. Ang mito ng People Power na itinaguyod bilang alternatibo—kalakip na ang mga pangakong may kinalaman sa repormang pansakahan at sa pagsusulong ng mga karapatang manggagawa—ay hindi tumugma sa realidad na sinapit ng masa sa ilalim ng pamumuno hindi lang ng mga Aquino ngunit pati na rin ng sumunod na mga namahala. Hinuha ni Michael Pante, dalubguro ng Kagawaran ng Kasaysayan ng Pamantasang Ateneo, na nagkaroon ng simplikasyon sa kategorya ng pamamahala sa politikal na kamalayan ng bansa: pamamahala sa panahon ng mga Marcos at pamamahala pagkatapos nito. Kaya naman, maging ang mga administrasyong sumunod sa mga Aquino ay napasama na rin sa imaheng Aquino. Kung gaano kalalim ang pagkakaugnay ng imaheng Aquino sa People Power, ganoon din kasidhi ang diskontento na sinamantala at kasalukuyang sinasamantala ng makinaryang Marcos.

Nilinaw ni Pante ang pahayag na ito. Ayon sa kanya, "Sa aking palagay, pinakamalaking bagay na nakatutulong sa historical revisionism (ng mga Marcos) ay (ang) nakikita nilang tila wala namang pagbabago mula sa panahon ni Marcos papunta sa mga susunod na administrasyon... Sa usapin ng agrarian reform, sa usapin ng pagdagdag ng trabaho, sa usapin ng sweldo, at iba pa, kung nakikita ng maraming tao na wala namang ganoong kalaking pagbabago, nagtataka siguro ang iba na bakit ganoon na lamang ang pagdemonize kay Marcos." Kung susuriin gamit ang metriko ng GDP ang tagumpay ng mga administrayon matapos ang rehimeng Marcos, hindi maipagkakaila na may pag-unlad namang naganap ngunit, ang kaunlarang ito ay hindi nasasalamin sa naging kalagayan ng mga manggagawa na walang dinanas na pagtaas ng sweldo. Ningas-kugon lamang kumbaga ang naging paglunsad ng administrasyong Aquino sa

president evil




ang pagbabalik ng mga marcos

sulat nila:
m.a. basuel & j. medilo
disenyo ni:
r. brioso

repormang pansakahan; kung anong sigasig sa unaay ganoon rin naging masigasig sa pagsupil ng karapata ng magsasaka—ito man ay lantaran, gaya ng karahasan sa Mendiola Massacre, o institusyonal, gaya ng mabagal na implementasyon ng CARP.

Sa kontekstong inilatag ng liberal na demokrasya, dawit na rin ang kapitalismo, madaling mawari kung bakit may magnetikong gayuma sa marami ang awtoritaryanismo. Ang Marcos virus ay isang variant lamang sa pandaigdigang pandemiko ng pasismo; mayroon ding mga outbreak na binabaka sa Brazil, Hungary, France, maging sa Italy kung saan unang napalawig ang terminolohiyang pasismo. Ayon kay Pante, ang malawakang muling pagkabuhay ng bangkay ng populismo ay tugon sa mga lehitimong diskontento sa kalakarang neoliberal na naging status quo matapos ang Cold War: "Karamihan ng populistang rehimen ay ginagamit na panggatong ang lehitimong diskontento ng tao, lalo na yung ekonomikong diskontento. Pero sa halip na tugunan ang istruktural na problema ay ginagamit ito ng mga populistang rehimen para pahinain ang mga kilusang panlipunan..."

Mula sa lenteng ito ay maaaring hanapin ang isa sa mga sanhi ng pag-usbong ng epidemyang ito sa lokal na konteksto: ang 'Dutertismo,' na nagsilbing hudyat rin ng lubusang pagbabalik ng mga Marcos at naging laboratoryo kung saan ang mga panimulang eksperimento sa virus ay isinagawa. Nagkaroon ng malinaw na pormulasyon ng problema (droga) at malinaw na aksyon sa pagsugpo nito (tokhang). Palitan man ang problema ng "komunista" o "dilawan", nananatiling epektibo ang pormulasyon. Ganitong uri ng politikal na mensahe ang tumataginting at nananatili sa isipan ng madla. May pagkakahalintulad ito sa naging pamamaraan ng mga Marcos kung saan ang mensahe ay idinaan sa mga bagay na nakikita at naaaninag sa araw-araw na danas na materyal. Wala mang tunay na pagbabago, ang mahalaga ay ang ilusyon na may pagbabago.



maaaring gabay-buhay sa krisis

Ang unang dapat gawin sa sitwasyong tulad nito ay ang kilalanin kung sino ang mga dapat asahan, tulungan, at layuan. Sa madaling salita, alamin kung sino ang kakampi at kalaban. Sa ating sitwasyon, madali lamang sabihin na ang zombie hoard ay ang pagsasakilos lamang ng taumbayan para sa kanilang karapatan bilang mamamayan sa demokratikong bansa. Mahalagang alalahanin: ang mga Pilipino pa rin ang mga biktima na patuloy na humaharap sa mga halimaw na nasa sentro ng outbreak na ito. Walang sinasanto ang ekonomiyang binara-bara, ang karapatang inaalipusta, at ang kawalang-aksyon sa pandemyang nagaganap pa—pula man o dilaw ang kulay na piliin. Sa mandurugas, magnanakaw, at berdugo, kalaban ang bawat Pilipino.

Sa panahon ng delubyo, ang pinakamainam na sandata ay ang kaalaman upang maging handang kalabanin ang banta sa buhay at seguridad ng sarili at kapwa. Iginiit ni Pante na napakalawak na ng kapasidad ng pinagkaisang hanay ng mga maka-Marcos sa lipunang Pilipino mula sa kanilang personal at pampamilyang makinarya, aparato ng estado, at institusyong kaisa nila sa larangang ekonomikal, sibil, at kultural. Kung patuloy na lalantarin ang mga kasinungalingan, ang fake news gamit ang katotohanan, kailangan tapatan ito ng progresibo at matatag na pagkakaisa. Dapat itong buuin mula sa mga aktibista, mag-aaral ng kasaysayan, historyador, at iba pang sektor ng lipunan upang labanan ng bagsik ng mga elitista ang tunay na lakas ng bayan. Kailangang isakatuparan ang gawaing ito ng kolektibo hindi lamang sa mga nakagawiang institusyong pang-akademiko, kundi pati na rin sa mas malawak pang espasyong nakalaan para sa diskursong pampubliko.

Ang prinsipyo ng herd immunity ay maiaakma rin sa pagkontra sa historical revisionism. Kung nais maging tuluyan ang pagkalipol nito, nararapat na mas palawakin pa ang saklaw ng programa ng inoculation. Paglalarawan ni Pante : "May malakas na tendency sa hanay ng mga iskolar na tignan lamang ang scholarship sa loob ng mga institusyon gaya ng pamantasan; kumbaga magsusulat ng research, ililimbag bilang artikulo, at pagkatapos, 'yun ay 'yun na." Habang walang balakid sa pagsirkula ng disimpormasyon sa social media, nakakulong sa likod ng paywall at sa loob ng mga institusyon ang impormasyon na sana'y magwawasto sa mga nilapastangang naratibo ng kasaysayan. Kritikal ang hamon na ibinabangon ni Pante: "Paano ba makokonsumo ng mas malawak na publiko ang mga research na ito... Paano ba ito maipapakalat pa sa mas maraming mga tao, lagpas pa sa doon sa apat na sulok ng silid-aralan?"

Marahil may implikasyon ng pangangailangan ng mas masusing pagsisiyasat sa kalagayan ng mga komunidad, ng mga pampublikong paaralan, at ng mga hanay ng lipunan kung saan umiigting ang kapit ng nirebisang kasaysayan para malaman kung paano maihuhulma ang pagsasaliksik na ginaganap sa loob ng mga institusyon sa paraang naaayon sa talasalitaan na gamit ng masa. 'Di hamak na may kaunawaan ang makinaryang Marcos sa optika at daloy ng impormasyon sa Tiktok o Facebook na hindi pa gamay ng kampong panig sa katotohanan ng kasaysayan; maaaring ang epektibong pagtugon sa disimpormasyon ay nakakubli rin sa kaunawaang ito.

ngunit, ano ang lunas?

Makikita na ngayon ang fake news bilang sintomas sa malalim na tunggaliang hinaharap sa kasalukuyang kapuluan, na ang ugat ay mga pagkilos ng kasaysayan. Ayon kay Pante, ang fake news ay tila mekanismo lamang na nagpapaningas sa matagal nang umiiral na mga lehitimong diskontento. Kaya nga ang makinarya ng disimpormasyon ay hindi basta-bastang mabubuwag ng simpleng pagsasagawa lamang ng mga fact-checking; ang agos ng mga social network ay pinapamahalaan hindi ng obhetibong batayan kundi ng sentimyento. Walang angkop na pagtugon sa krisis ng fake news na hindi rin tumutugon sa mga hinaing ng publiko na ginagamit nitong panggatong.

Sabi rin ni Pante, kasaysayan ng dominasyon ng mga elitista at kolonyalista ang kasaysayan ng kapuluan. Matagal nang inaasam ng mga Pilipino ang lipunang tunay na makasasagot sa kanilang pangangailangan at interes. Ngunit, imbes na magkaroon ng tunay na mga reporma at pagbabago sa sistema ng pamamahala na umiiral sa bansa, patuloy pa ring lumalago ang populismong isa sangay lamang ng malawak at pangmatagalang pagsasanib-pwersa ng mga mararahas, mayayaman, at makapangyarihan. Sa madaling salita, hangga't hindi nababago ang pagsasaayos sa lipunang Pilipino, babalik at babalik ang banta ng zombie outbreak. Espesyal lamang ang mga Marcos dahil bukod-tangi ang kanilang kalupitan at kasakiman sa kontekstong pangkasaysayan. Kaya naman, kung hindi pa rin aaksyon upang mabigyang-lunas ang sakit na ito, hindi na dapat magulat pa ang mga Pilipino sa posibilidad ng mga bagong Marcos, Duterte, Estrada, Arroyo, at marami pang iba na bumangon mula sa libingan—handang gambalaing muli ang Pilipinas.

lunas
sa sakit na
pasismong dala ni
marcos
ang
demokrasyang
tunay na
pangkalahatan.



Pagkainis at Pag
sa Pakialamer

Pissed With You:



gkayamot ong Simbahan

Sulat ni Lean Rosendo
Disenyo ni Marts Salamero

Hindi maitatanggi na naging malinaw ang pagkakasulat ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas ukol sa paghihiwalay ng Simbahan at Estado (Batalla at Baring, 2019). Bagaman may pagkakaiba sa pagitan ng kanilang mga tungkulin, ang Simbahan at Estado ay parehong lumilikha ng espasyong natatangi at nakaugat sa layuning maisakatuparan ang pagkamit sa kabutihang panlahat.

Aniya pa nina Batalla at Baring (2019), ang mga ahensyang pampolitika at relihiyon ay muling sumidhi at lalong uminit sa panahon ng pagkapangulo ni Duterte na nagdulot ng salungatan sa pagitan ng mga pinuno ng pamahalaan at Katolikong hirarkiya. Maging sa katatapos lamang na pambansa at lokal na halalan 2022, naging intensibo lalo ang tanaw ng simbahan sa kung sino nga ba ang karapat-dapat na maihalal sa puwesto. Bunsod ng mga pangyayaring ito, muling lumitaw ang salungatan sa mga isyu tungkol sa prinsipyo ng paghihiwalay ng Simbahan at Estado.

Sa loob ng mahigit tatlong siglo na pananakop, kinilala ang mga paring Espanyol bilang pinunong politikal ng kolonyal na Pilipinas kung kaya't hindi maikakaila na mayroon talagang politikal na sakop ang mga lider ng simbahan. Ayon pa nga kay Ang (2022), ang pormal na pagkatatag ng mga Amerikano hinggil sa paghihiwalay ng Simbahan at Estado ay nagbigay daan para sa patronage politics kung saan ang mga elite at mayayamang pamilya ay nag-aagawan sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pag-endorso ng simbahan—na nagreresulta sa nepotismo o pagtatalaga sa kamag-anak upang gampanan ang isang tungkulin o 'di kaya naman ay kroniyismo kung saan napabibilang ang isang kaibigan o isang taong nagtatrabaho para sa isang may awtoridad na may kaakibat na pagtulong at kawalan ng katapatan.

Sa kasaysayan ng ating bansa, naging mahalaga ang papel na ginampanan ng simbahan sa pagtindig laban sa kawalang-katarungan at katiwalian. Kabilang na rito ang panahon ng Batas Militar ni Marcos Sr. at ang pagkapangulo ni Estrada kung saan naging mas malawak pa lalo ang saklaw ng impluwensiya ng Simbahang Katoliko na nagsagawa ng mga kilos-protesta upang salungatin ang mapang-alipustang pamamalakad ng pamahalaan. Samakatwid, ang hindi pagtutugma ng prayoridad ng dalawang institusyon ay nagreresulta sa pagsasantabi ng hangarin para sa kabutihang panlahat.


Lumitaw rin ang pagiging pluralistiko ng politika sa Pilipinas pagkatapos ng EDSA I at sa pagkalikha ng mga organisasyon ng lipunang sibil dahil sa pagkakaroon ng demokratikong espasyo. Bilang karagdagan, napanatili at mas lalo pang napalago ng mga mega-church ang kanilang impluwensiya sa mga usapin ng estado sa pamamagitan ng direktang pagpapakilos sa mga tagasunod nito na nilalayong gamitin ang mga banal na kasulatan upang bigyang-katuwiran ang pagkakasangkot nito sa mga pampublikong gawain. Ayon pa kay Dr. Jayeel Cornelio, isang sosyolohista mula sa Pamantasang Ateneo de Manila, isang malinaw na halimbawa nito ang bloc voting ng Iglesia ni Cristo (INC) kaya masugid ang panunuyo ng mga kandidato sa mga namumuno dito upang sila ang i-endorso sa mga taga-sunod.

Ang T

Jerus



ng



Trip to
salem



Pilipinas



Sa katunayan, ang paglitaw ni Rodrigo Duterte bilang isang imahen ng kamay na bakal sa politika ay lubhang tinangkilik ng madla. Naging katatwa sa panahon ng kampanya si Digong na tila ba'y walang preno sa kung anumang salita ang hulmahin ng kanyang isip at dila. Umani rin siya ng sandamakmak na batikos at reaksyon noong minura niya ang Santo Papa sa paglikha ng napakalaking traffic jam sa kalakhang Maynila noong siya ay bumisita taong 2015. Agad naman itong pinasaringan ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) na naglabas ng isang pastoral na liham ilang araw bago ang araw ng halalan na humihikayat sa mga Katoliko na huwag iboto ang isang kandidato na "morally reprehensible" at "walang pakialam sa karapatan ng iba at sa mga turo ng Simbahan" (ABS-CBN News, 2016).

Habang nagpapainit pa lamang sa kaniyang upuan sa Malacañang, sinimulan na ni Duterte na punahin ang Simbahang Katoliko dahil sa pagpapaimbabaw, katiwalian, at pakikialam nito sa politika (Manila Standard, 2016). Ang dating may hawak sa pinakamataas na posisyon sa bansa ay nangatuwiran na dahil sa kanilang pakikialam sa politika, nilabag umano ng mga pinunong Katoliko ang prinsipyo ng paghihiwalay ng Simbahan at Estado. Subalit kung ang layunin ng simbahan ang magpaalala lamang na piliin ang makabubuti sa lahat ay bakit nga ba yamot na yamot ang mga politiko na makatanggap ng puna? Hindi ba't sila'y magkahiwalay ngang tunay ngunit ang prinsipyo ay batay sa batas moral? Marahil ang mga patutsada at parinig ng dalawang panig na ito ay hindi dapat baliwalain dahil ang kalagayan ng masa ang siyang naiipit sa pagitan.

Nakapaloob sa artikulo ni ED B. Odulio, MA (2017) ng Ateneo de Manila University, Department of Theology ang ilan sa dahilan kung bakit hindi maaaring manatiling tahimik ang Simbahan sa mga pangyayaring nagaganap ngayon sa lipunan.

Una, ang bawat miyembro ng Simbahan o alinmang relihiyon ay mamamayan pa rin ng lipunang kanilang kinabibilangan. Nangangahulugan ito na upang makamit ang isang matiwasay at makatarungang lipunan ay dapat tayo ang kumilos mismo kaakibat ang mga interes at responsibilidad na yaring huhulma sa ating pakikialam hinggil sa mga pangyayaring hindi lamang nakaaapekto sa atin bagkus maging sa ating kapwa.

"Ang pagpigil sa isang mamamayan upang makapagpahayag ng kaniyang saloobin tungkol sa mga nangyayari at pamamahala sa lipunan dahil lamang siya ay kabilang sa isang relihiyosong paniniwala ay isang paglabag sa kaniyang karapatan bilang mamamayan."

Kung kaya't ang nakatakdang paghihiwalay ng Simbahan at Estado ay hindi dapat maging hadlang upang ang isang mamamayan ay maging salat sa kakayahang makilahok sa mga gawaing panlipunan lalo na't kung ito'y danas ng masa na siyang dapat pinaglilingkuran.

Ikalawa, ang pakikisangkot ng Simbahan sa mga usaping panlipunan ay pundasyon ng kaniyang pag-iral at pagkakakilanlan.

"Ang pagtataguyod ng dignidad ng tao ay di matutupad sa pananatili lamang ng Simbahan sa loob ng mga gusaling dalanginan kundi sa pakikisangkot sa mga pangyayari at usapin sa pamahalaan, lansangan, tahanan, o kahit sa mga pamilihan kung saan ang mga aktuwal na kalagayan ng katiwalian at katarungan ay nagaganap at natatagpuan."

Kung gayon, ang pagkilos dapat ng isang indibidwal ay umaayon sa makatarungang paniniwala na kaniyang tinataglay na kung saan ang nangingibabaw na kaisipan ay ang makapagpalaganap ng kabutihan at maiangat ang kapwa mula sa kumunoy ng nanganganib na mundo at sa tanikala ng mapaghamong buhay sa araw-araw.

Ikatlo, kailangan ng Simbahan na sagutin ang mga katanungan tungkol sa kasamaan, kahirapan, at kaligtasan ng tao.

"Ang mga makasalanang konteksto na ito ay kailangang unawain, ipaliwanag, at tugunin ng Simbahan gamit ang pang araw-araw na karanasan ng tao sa kaniyang politiko-ekonomikal, pangkasaysayan, at kultural na kalagayan."





Samakatuwid, ang gampanin ng Simbahan ay hindi lamang limitado sa pagtuturo ng mga dasal, pagdaraos ng misa, pagbabasbas o alin pa mang sakramental na mga gawain, bagkus ito ay isang institusyon na may layuning gawing malay ang kaniyang mga kasapi at maging aktibong kalahok sa paghulma ng ating mga komunidad upang maging ganap na progresibo at makamit ang pagbabago.

Pinatunayan lamang ng katatapos na eleksyon, gustuhin man natin o hindi, na may nakadikit nang impluwensiya ang relihiyon sa ating pang-araw-araw na gawain. Naging malinaw ang masidhing tensyon sa pagitan ng Simbahan at iba pang relihiyosong pangkat ukol sa kanilang mga sinusuportahang kandidato. Nakababahala rin na ito pa mismo ang nakapagsusulot ng salungatan sa publiko na nagpapalabo lang mismo ng talakayan tungkol sa politika at ang pangunahing nakikinabang sa ganitong taktika ay yaong makinarya ng mga mayayamang politiko na uunahin ang pansariling interes maging suportado man sila ng Simabahan o hindi.

Ayon kay Miller ng Asia Society (2021), 8 sa bawat 10 na Pilipino ay Romanong Katoliko. Mula rito, mahihinuha na malaking bahagdan ng ating populasyon ay patuloy pa ring isinasapuso ang mga turo ng Simbahan, at ito pa rin ang gumagabay sa kanila sa bawat desisyon na kanilang gagawin o di kaya'y ang ilan ay lumihis na ng landas. At ngayong tila paulit-ulit na muli ang kasaysayan, ang Simbahan, tulad ng iba pa sa atin, ay humaharap sa isang sangang-daan—maging kasabwat man sa rebisyon ng kasaysayan, o tulad ng dati, maging isang aktibong puwersa na tatayo kasama ng mga tao at iwawasto ang mga kasinungalingan na siyang unti-unting nagiging huwad na katotohanan.

You Can't Sit With Us

Pagsisiyasat sa Mapanghating Politika ng Pink Movement (Mamasa-masa)

Sulat nila: Alliah Custodio at Phoebe De Leon

Disenyo ni Nicole Madrilejo

Ano ang pinagkaiba ng mga kakampink sa mga pulangaw?

Madali lang ang sagot:

Talo ang mga kakampink sa halalan!

Pero sa ginanda-ganda ng plataporma at konkretong plano ng kanilang pangulo para sa mas maunlad na Pilipinas, bakit kaya?

Kung susuriin ang politika ng Pilipinas, isa sa mga lilitaw na obserbasyon ang pagiging personalisado nito. Tinutukoy ng personalisasyon ang pag-angat ng mga indibidwal na politiko bilang pangunahing aktor sa mga arenang politikal tulad ng pamahalaan sa halip ng mga grupo at partido. Sa konteksto ng Pilipinas, hindi na nakapagtataka ang penomenong ito dala ng mahihinang pundasyon at demarkasyong ideolohikal ng iba't ibang partido. Dagdag pa rito ang mga naglilipanang balimbing na palipat-lipat ng partido tuwing halalan upang makisakay sa pondo, mga koneksyon, at katanyagan ng mga politikong kasapi ng mga nangungunang partido. Sa gayon, indi na bago tuwing halalan ang pamumuo ng mga supporter base na pinagbuklod ng personal na politika ng kanilang piling kandidato sa halip ng kanilang partido. Ngayon, paano naman natin kaya maaasahan ang botanteng Pilipino na pumili ng partido at ideolohiyang paninindigan niya kung mismong mga partido ay walang solidong pagkakakilanlan?

Isang interesanteng eksepsyon ang Partido Liberal (LP) dito. Sa lipunang post-EDSA, lalo na sa paglipat ng kapangyarihan mula sa administrasyong Aquino, Jr. tungo sa administrasyong Duterte, isa ang LP sa mga kakaunting partido na may pagkakakilanlan na sa isip ng masa. Subalit sa halip ng mga opisyal na halaga ng LP na kalayaan, katuwiran, at bayanihan, nakaangkla ang pagkakakilala ng masa sa oryentasyon ng partido tungo sa mga mayayaman at sa pagkabigo nitong tugunan ang mga pundamental na pinoproblema ng karaniwang Pilipino. Bagaman hindi LP ang nag-iisang partido na nangakong tutugon sa mga laganap na suliraning panlipunan at mas lalong hindi totoo na ito ang nagharing partido matapos ang pagpapatalsik kay Ferdinand Marcos, Sr., mababa ang naging tingin ng marami sa

politikang LP dahil sa kabagalan ng pagsasatupad ng makamasang reporma at pag-unlad na ipinangako nito.

Kaya naman isa sa mga tamang nagawa ng kampanya ng dating bise presidente at tagapangulo ng LP na si Leni Robredo ay ang pagkilala sa mapanghating de-kolor na politika ng Pilipinas, lalo na sa nadungisang reputasyon ng LP sa masa. Mula sa pagkilalang ito, sinikap ng kampo ni Robredo na bumuo ng makabagong political brand na tatatak at, higit sa lahat, magbubuklod sa sambayanang Pilipino. Sa halip na tumakbo sa ilalim ng LP, hinain ni Robredo ang kanyang certificate of candidacy bilang isang independent candidate. Sa halip na gamitin ang dilaw na tradisyunal na kulay ng LP ay inangkla niya ang kanyang kampanya sa kulay rosas bilang pagtatangkang maging mas inklusibo at humiwalay sa dominanteng kaisipan na ang magandang kinabukasan ay para lamang sa iilang tao.

Pero, nagbago man ang kulay, naririyan pa rin ang bahid ng mapanghating politika. Tulad ng namayaning kritisismo mula sa oposisyon na eksklusibo pa rin ang politikang kakampink sa mga mayayaman at kaalyado nito, naging bukas man ang pink movement sa lahat ng mga Pilipinong naghahangad ng pagbabago at eskape mula sa mga problemang bumabagabag sa bansa, may mga kasapi pa rin ng kilusan na nagbangayan tungkol kung sino ba talaga ang nararapat na makasama sa kinabukasang ipinangako ni Robredo na para bang hindi karapatan ng bawat Pilipino, kakampink man o hindi, na magkaroon ng maaliwalas at maginhawang buhay.

Isa sa naging pangunahing hidwaan sa loob ng kilusan ay ang matinding pambubukod at panrered-tag sa mga kasapi ng National Democratic (ND) Left, lalo na nang maging kaalyado ng kampanyang Robredo ang Makabayan bloc. Kung babalikan, naging mainit na isyu ang hindi pagsama kay Neri Colmenares sa senatorial slate ni Robredo dahil sa pagtutol ni Sonny Trillanes sa pakikiisa sa Makabayan bloc sa kadahilanan ng kaugalian umano nito na talikuran ang mga kakampi nito matapos ang halalan. Gayundin, marami-rami rin ang nagpayong dapat dumistansya si Robredo mula sa hanay na ito marahil ang pagsanib ng mga ND sa pink movement ay mag-iimbita lamang ng matinding atake mula sa taga-suporta ng mga kandidato, lalo na ng mga kaalyado ng administrasyong Duterte. Kung matatandaan, nakaani ng panrered-tag si Robredo mula kina




Boying Remulla at Ping Lacson noong panahon ng pangangampanya dahil sa presensya ng mga ND mass organization (NDMO) tulad ng Kabataan Partylist sa mga rally ni Robredo. Marahil pinagbibigkis ng parehong ideolohiya ang mga NDMO at ang CPP-NPA-NDF, ang pangunahing panangga ng mga kalaban ng mga legal at lehitimong organisasyong ND ang pagiging prontera nila ng komunistang pag-aalsa.

Bagaman hindi naging malaking alintana sa mga ND at kanilang mga organisasyon ang pagbubukod at mga atake na ito sapagkat pinagpatuloy pa rin nila ang pangangampanya para sa kanilang mga kandidato, kabilang na si Robredo, hindi maikakaila ng kanilang mga kalaban sa loob ng pink movement na mahalaga ang naging ambag ng mga ND sa kanilang kampanya. Base sa mga nagdaang halalan, tinatayang nasa tatlong milyon ang botong kayang anihin ng Makabayan bloc. Gayundin, maituturing na beterano na ang mga aktibista at organizer nito sa pagbabad at pakikipag-usap sa mga komunidad na kamakailan lamang naisipang gawin ng karamihang kakampink.

Litaw sa isyung ito na naging malaking hamon para sa ilang mga kakampink ang turo ni Robredo na radikal na pagmamahal. Sa halip na kunin ang pagkatalo ni Robredo sa nagdaang halalan bilang punto ng pagmumuni-muni sa naging pagkukulang ng pink movement sa pagiging mapanghamig sa iba, may ilan na nagbato agad ng sisi sa iba na nagdala umano ng malas sa kampanya ni Robredo. Marami-rami ang naialok ni Robredo na paninindigan at platapormang maaaring maging basehan sana ng mas malawak na pagkakaisa para sa mga Pilipino pero marami rin nito ang nasayang dahil sa pagkaabala ng ilan sa moral ascendency at pag-gatekeep ng kilusan laban sa mga kalilipat lamang sa kampo ni Robredo o kaya sa mga hindi ganap na naniniwala sa ideolohiyang liberal.

Sa kasalukuyang panahon nga, lalo na noong maitatag ni Robredo ang Angat Buhay Foundation, patuloy pa rin ang pangdudusta ng ilang kakampink sa mga bumoto sa ibang kandidato, partikular sa mga taga-suporta ni Ferdinand Marcos, Jr. na tinatawag nilang mga pulangaw. Sumusunod ang pangdudustang ito sa mga anunsyo ng sakuna at ng paurong na pag-unlad ng bansa, lalo na pagdating sa pagtaas ng mga presyo. Sa mga pagkakataong ito, ang kadalasang pangangatwiran nila ay nararapat lamang na maghirap ang mga pumili ng inkompetenteng pinuno dahil sinayang nila ang pagkakataong bumoto para sa mas maaliwalas na kinabukasan.



Kuha ni Zanti Gayares

